1

Kanina pa napapansin ni Kelly na balisa ang kanyang papa. Panay ang tawag nito sa telepono and there was even an instance that she heard him shouting. Ang mommy niya ay walang kibo pero halatang balisa rin. Tanging ang kanyang Kuya Arthur lang ang nakita niyang kalmado at animo walang pakialam.

"Daddy?"

Nilingon siya ng ama. He smiled but she could still sense his distress. Lines of worry etched his face.

"What is it, Kelly?"

Lumapit siya at yumakap dito. "Daddy, is something wrong? Kanina pa kita napapansin. May kaaway ka ba?" nag-aalalang tanong niya.

Her father, Clark Morales, was a criminal lawyer. Sa linya ng trabaho nito ay hindi imposibleng marami ang galit dito. Wala siyang gaanong alam tungkol sa mga kasong hinawakan nito. Hindi naman kasi ito nagkukuwento ng detalye. Ang alam lang niya ay may isang sensitibong kaso itong hawak ngayon.

Umupo ang kanyang daddy sa sofa at kinalong siya. Even at the age of ten, she was still the baby of the family.

"Wala, Anak. Daddy's fine. M-may ilang problema lang sa

trabaho."

Nagdududang tumitig siya rito. Malapad itong ngumiti.

"Stop worrying, Kelly. Sige ka, baka pagdating mo ng fifteen, may mga wrinkles ka na sa mukha," panunukso nito. Lumabi siya. He playfully pinched her nose. "Hmm… may idea ako. Gusto mo bang mag-adventure tayo ngayon?"

Umaliwalas ang kanyang mukha. "Anong adventure?"

"Magbabaon tayo ng kayamanan."

Excitement bubbled up inside her.

"Bakit, Daddy? Marami ba tayong ginto?"

Tumawa ang kanyang ama. "Hindi ginto ang ibabaon natin, Kelly. But it's more important than gold."

Kahit naguguluhan ay tumango na lamang siya. Isinama siya nito sa library. Nakita niyang may kinuha itong isang maliit na kahita at isang makapal na notebook sa kaha de yero. May kinuha pa ito sa loob ng drawer. Lahat ay isinilid nito sa isang moisture resistant plastic container bago inilagay sa isang dry storage box at gamit ang isang padlock ay ni-lock iyon.

Inakay na siya nito palabas sa backdoor. Bago sila pumasok sa kakahuyan na kanugnog lamang ng kanilang resthouse ay sumaglit muna ito sa outdoor shed para kunin ang pala.

"Hmm… saan kaya ito magandang ibaon?" tanong nito sa

kanya.

Kelly spanned the woodland that had been her playground since she was five. Kahit every summer lang silang nauwi rito, kabisado niya ang pasikut-sikot sa loob ng gubat na may limang ektarya rin ang laki. Nagulat pa nga siya nang sabihin ng daddy niya na uuwi sila rito kahit wala pang bakasyon. But she was too excited to even ask him why.

Naalala niya ang lumang balon na malapit sa patay na puno ng mangga. Walang nangangahas lumapit sa gawing iyon ng gubat dahil ang usap-usapan ng mga katulong nila ay may nakikita raw na white lady roon kapag gabi. Pero hindi siya naniniwala sa kuwentong iyon.

This place was her paradise.

"Daddy, alam ko na." Inakay niya ang ama sa gawi ng balon.

Ngumiti ito at tumango nang ituro niya ang space sa pagitan ng balon at ng patay na puno. Siguradong walang mag-aakalang may nakabaong kayamanan doon.

Nagsimula nang maghukay si Atty. Morales. Nang may kalahating dipa na ang lalim ng nahukay nila ay saka nito inilagay ang bitbit nila bago muling itinabon ang lupa.

They both had satisfied smiles on their faces afterwards.

"Ayan! Our treasure is safe. Mahihirapan silang hanapin iyan."

There was an edge in her father's voice nang sabihin nito ang huling sentence. Napatingala siya rito.

"Daddy, ano po ba iyong mga ibinaon natin? At sino po ang maghahanap sa mga iyon?"

"Kelly..." anito na hinaplos ang kanyang buhok. Hindi pa nakontento, lumuhod ito para magpantay sila. "Alam mo naman na maraming galit kay Daddy dahil sa trabaho ko, di ba? Those are important evidence para maipakulong ang isang masamang tao.

"Ngunit hindi pa ito ang tamang panahon para ilabas ko iyon, kaya itinago ko muna. Hindi dapat mapunta sa maling kamay ang mga ebidensyang iyon, Kelly. Pakatandaan mo sana. Walang dapat makaalam kung saan iyon matatagpuan. Sekreto natin ito, Anak."

Kahit sa murang edad, batid ni Kelly ang bigat ng responsibilidad na iniatang sa kanya ng ama. Marami siyang hindi maintindihan. Pero may tiwala siya rito. Isa lang ang dahilan na naisip niya kung bakit nito ginawa iyon. It's to uphold justice, just as he had sworn to do.

"Daddy, bakit hindi mo na lang ibinigay sa mga pulis ang mga iyon?"

Tumiim ang mga bagang nito. "It's because I can't trust them."

"Pero di ba dapat kakampi mo sila kasi pareho ninyong

kaaway ang mga bad guys?"

Narinig niya ang malalim nitong buntong-hininga.

"Bata ka pa nga. Marami ka pang hindi nauunawaan sa kalakaran ng lipunan."

Lalo siyang nalito.

"Balang-araw ay maiintindihan mo rin, Kelly. Basta sa ngayon, mangako ka na hindi mo ipagsasabi ang tungkol dito sa ginawa natin. At hindi ka rin basta magtitiwala sa iba, lalung-lalo na sa mga pulis. Naiintindihan mo ba, Anak?"

Kahit naguguluhan ay nagawa niyang tumango.

"I promise, Daddy."

"Good girl!" he said with a wide grin.

"Paano natin mabubuksan uli ang box?" tanong niya. Combination padlock ang ginamit nito.

"Ikaw ang susi, Anak. Ikaw lang ang makakapagbukas niyan. But for now, huwag mo na munang isipin iyan."

Tumango siya.

Magkahawak-kamay pa rin sila nang bumalik sa bahay-bakasyunan.

Nang gabing iyon, masaya silang nagsalo sa hapunan. Pagkatapos ay nagpunta sila sa family room at nanood ng

movie. Sa pagitan ng pagnguya ng chips ay ang paminsan-minsang kuwento ng daddy niya tungkol sa mga nakatutuwang experiences nito bilang isang trial lawyer. Tuluyan nang nawala ang sober mood nito. Kahit ang mommy niya ay masigla na rin. Nasa kalagitnaan ng pelikula nang magsimulang humirit ng pick-up lines ang kuya niya. Natapos tuloy ang pinapanood nila na wala silang naintindihan dahil sa katatawa.

Kelly stared at her family and smiled. Hindi sila perpekto pero hinding-hindi niya ipagpapalit ang pamilya niya kahit kanino.

Contentedly, she sighed. Nang gabing iyon ay isang dasal ng pasasalamat ang inialay niya sa langit. Little did she know na iyon na pala ang huling gabi na makakasama niya ang pinakamamahal niyang pamilya.

Dalawang putok ng baril at isang malakas na sigaw ang gumising sa kanya kinagabihan. Bumangon si Kelly at kaagad lumabas ng silid. Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang duguan at walang buhay na katawan ng dalawa nilang katulong.

"Mommy… Daddy…" Natatakot na siya, lalo nang marinig niya ang nagmamakaawang tinig ng mommy niya sa sala. May narinig siyang mga yabag na papalapit. May isang tinig na nagbulong sa kanya na magkubli.

Nagtago siya sa pagitan ng dalawang cabinet.

Isang lalaking nakauniporme ng pulis ang nakita niyang pumasok sa kusina at nagbukas pa ng kanilang refrigerator. Nakita niyang inilapag nito ang dalang baril sa mesa. Kumuha ito ng isang beer in can.

"Legaspi!"

Lalo niyang isiniksik ang sarili sa kaunting espasyo nang may isa pang lalaki ang lumitaw. Gaya ng nauna ay may dala rin itong baril ngunit hindi ito nakauniporme.

"Bilisan mo na diyan. Hinahanap ka ni Boss," anang pangalawang lalaki.

Basta na lang nito initsa sa sahig ang wala nang laman na lata bago sumunod sa kasama. Nang matiyak na nag-iisa na lang siya sa kusina ay saka siya lumabas sa pinagtataguan. Maingat siyang tumungo sa sala.

Nagkubli siya sa likod ng divider. Kitang-kita niyang nakaupo sa sofa ang kanyang kapatid at mga magulang. Ilang armadong lalaki ang nasa harapan ng mga ito.

"Sinabi ko na sa inyong wala akong alam sa sinasabi ninyo! Parang awa n'yo na, pabayaan n'yo na kami. Walang sinabi sa akin si Won! Maniwala kayo!" pagmamakaawa ng daddy niya.

Nakatakip ang isang palad niya sa kanyang bibig. Natatakot siyang gumawa ng ingay dahil baka makita rin siya ng armadong mga lalaki.

Pahangos na lumapit sa isang matangkad na lalaki ang isang tauhan.

"Boss, hinalughog na namin ang buong bahay. Wala talaga."

The tall man made a loud curse. Lumapit ito kay Atty. Morales. Hindi niya gaanong makita ang mukha nito. Hinila nito patayo ang kanyang ama at sinuntok. Bumagsak sa sahig ang abogado.

Her mother cried louder. Yakap ito ng kapatid niya.

Sumenyas ang matangkad na lalaki sa mga kasama. Dalawang lalaki ang lumapit sa mommy at kuya niya. Pinaluhod ang dalawa at tinutukan ng baril sa sentido. Kitang-kita niya ang takot sa mga mata ng ina at kapatid.

"Kung hindi mo ibibigay ang hinihingi ko, duguang babagsak sa harapan mo ang asawa't anak mo. Gusto mo bang mangyari iyon, Morales?"

Isa pa uling senyas at ikinasa ng dalawang lalaki ang baril ng mga ito na nakatutok sa mga bihag.

"Huwag! Maawa ka… Huwag mong idamay ang mag-ina ko!" sigaw ni Atty. Morales na ngayon ay hawak na ng dalawa pang lalaki.

Kelly couldn't stand it any longer. Kailangan niyang gumawa ng paraan. Kailangan niyang tulungan ang kanyang pamilya!

She remembered the phone in the library. Puwede siyang tumawag ng tulong. Ang problema lang, nakaharap sa gawi niya ang pinakapinuno. Kitang-kita niya ang matapang na anyo nito pati na ang isang mahabang pilat na nagsimula sa gitna ng noo at tumawid sa gitna ng kaliwang mata hanggang sa pisngi. He looked so menacing he could be the devil himself!

Bahala na! Kailangang makahingi ako ng tulong.

Pilit pinatatag ni Kelly ang sarili at huminga nang malalim. Pinahid niya ang luhaang pisngi. Hindi ito ang oras para maging mahina siya.

Dahan-dahan siyang lumabas sa pinagtataguan. Maingat siyang naglakad palapit sa pasilyong papunta sa library habang nakatingin siya sa gawi ng kanyang pamilya. Malapit na siya sa pasilyo nang mawalan siya ng balanse at matabig ang isang display. Awtomatikong lumingon sa kanya ang lahat.

The tall man saw her. Ilang segundo ring magkahinang ang kanilang mga mata. Isang tauhan nito ang tumutok sa kanya ng baril. Mabilis na tumayo ang kanyang ama at pinigilan ang lalaki na barilin siya.

“Kelly, run!” sigaw nito.

Hindi na siya nagdalawang-isip. Tumakbo siya. Tiyak ang mga hakbang niya.

Bago pumasok sa kusina ay may isang storage room.

Pumasok siya roon. Binuksan niya ang maliit na trapdoor na nasa dingding. Gumapang siya papasok. Hustong naisara niya ang pinto nang makarinig siya ng putok at isang malakas na sigaw. She knew it was her father.

Sandali siyang natigilan. Napahagulgol siya nang mapagtanto na posibleng patay na ang mommy at kuya niya. A part of her wanted to turn back. Pero naalala niya ang mukha ng ama. He wanted her safe—and alive.

Nagpatuloy siya sa paggapang hanggang sa marating niya ang iron ladder. Patungo iyon sa outdoor shed. Bago lumabas ay sumilip muna siya sa paligid. Papasok na siya sa gubat nang muling makarinig ng putok.

"Daddy…" Natigilan siya. Nilingon niya ang resthouse. Hustong labas naman ng dalawang lalaki at nakita siya.

"Hayun!"

Itinutok ng mga ito ang baril sa kanya at ipinutok. Napasigaw siya nang tumama malapit sa kanya ang bala. Wala na siyang inaksayang oras. She ran into the woods. Sa kanyang likuran ay narinig niya ang mga yabag ng mga lalaking humahabol sa kanya.

Patuloy siya sa pagtakbo patungo sa kaloob-looban ng gubat, patawid sa mababaw na batis. Hindi siya tumigil kahit hindi na pamilyar sa kanya ang paligid. Ilang ulit siyang nadapa ngunit mabilis ding bumangon. Hindi niya alintana ang hapding dulot ng mga sugat. She had to escape! She had to stay alive!

Sa pag-iwas niya sa isang malaking bato na nakaharang sa daraanan niya ay sumabit ang kanyang paa sa nakausling ugat ng isang puno. Napadaing siya sa sakit. Matinding kirot sa kanyang paa ang naramdaman niya nang subukan niyang tumayo. She couldn't go on any farther. Iginupo ng pinaghalong takot at pagod ang batang katawan niya.

Lumingon siya at inihanda ang sarili sa pagharap sa mga lalaking humahabol sa kanya. Subalit walang dumating.

From the horizon, she could see streaks of flickering lights and dark smoke. Pakapal nang pakapal ang usok.

Nanlulumong niyakap ni Kelly ang mga tuhod. Yumuko siya at umiyak nang umiyak. Alam niyang wala na ang resthouse. At malaki rin ang posibilidad na patay na ang kanyang pamilya.

She was all alone.

"Boss, paano iyong batang babae?"

Nagtagis ang mga bagang ng lalaki. Tumitig ito sa framed family picture na kinuha nito, particular sa mukha ng batang babae.

"Hayaan mo na siya. Hindi rin makakaligtas iyon sa loob ng gubat."

"Eh, paano ang hinahanap natin? Baka malagot tayo kay

Congressman."

Pormal ang mukhang nakatingin lang ito sa nasusunog na bahay.

"Kung saan man iyon itinago ni Morales, maaabo na iyon kasama niya."

Nagkatinginan ang dalawa. Ngumisi ang pinuno. Inalis nito sa frame ang litrato. He tore it into half. Ibinulsa nito ang kalahati na may mukha ng batang babae habang itinapon naman sa nag-aapoy na bahay ang kalahati pa.

"Let's go!"

Kasama ang mga tauhan ay lumulan sa itim na SUV ang matangkad na lalaking may mahabang pilat sa mukha.